
# まんがでわかる


Tagalog
タガログ語版

# ビルクリーニング業の安全衛生

## Alamin Mula sa Komiks
## Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Paglilinis ng Gusali






**Bilang ng mga kaso ng aksidente o pinsala**

| | | |
|---|---|---|
| 1 | Nadapa | 1705 na kaso |
| 2 | Bumagsak/nahulog | 656 na kaso |
| 3 | Epekto ng aksyon/pinilit na aksyon | 370 na kaso |
| 4 | Naipit/nahatak | 203 na kaso |
| 5 | Nabangga | 200 na kaso |

Pinagmulan: "Pagsuri ng Datos Tungkol sa Aksidente at Pinsala sa Lugar ng Trabaho sa Industriya ng Pananatili ng Gusali" (Agosto 2019) mula sa Japan Industrial Safety & Health Association (Asosasyon para sa Pag-iwas sa Pinsala at Kapahamakan sa Trabaho ng Japan)



Oo nga....
Pagdating sa pagkakadapa, maraming uri ang kaso ng "nadapa".
Halimbawa, may hawak ang parehong kamay at sumabit ang paa sa kable at nadapa.
Mayroon ding kaso na nadulas habang naglilinis ng basang sahig.
Maraming kwento na ganyan kahit sa ordinaryong buhay, di ba?
Ang "aksidente sa trabaho" naman ay talagang nangyayari sa malapit sa atin.





Paano maiiwasan ang madapa?
Mahalaga ang ayusin ang mga bagay sa paligid natin at gawin nating mahirap matumba sa kapaligiran natin.
Pag-aayos (Seiri)
Pagsasalansan (Seiton)
Paglilinis (Seiso)
Pananatili ng kaayusan (Seiketsu)
↓
4S
Nakakatamad naman mag-ayos...
Hahaha
Sa madaling salita, mainam ang mag-ingat.
Ano kamo?
Mahalagang gawin natin na ang lugar ng trabaho na hindi lang sarili natin pero kahit pati ang ibang tao ay hindi babagsak o mahuhulog!!
O-opo!


Sa mga lugar ng trabaho, may ginagamit na mga aparato at kemikal para panglinis ngunit kapag nagkamali ka ng gamit ng mga ito, maaring maging sanhi iyon ng malubhang pinsala.
Remover
清掃中
足元にご注意
Caution wet floor
Dapat tayo mag-ingat na hindi makakapinsala hindi lang sa sarili natin kundi pati rin sa ibang tao sa gusali.
Kapag hindi tayo makatrabaho dahil sa malubhang pinsala, pati ang pamilya natin ay mag-aalala, at magkakaproblema rin tayo tungkol sa pera.
Tama. At dahil doon mahalaga ang mga hakbang upang makaiwas sa aksidente at pinsala!
Dapat gamitin nang tama ang mga kagamitan para sa trabaho nang naaayon sa tamang paraan at may sapat na oras para hindi nagmamadali.
Sundin natin ang patakaran na suotin ang kagamitan para alagaan ang kaligtasan natin tuwing oras ng trabaho.


Anong klase ng pinsala ang dahil "bumagsak/nahulog"?
Halimbawa, may dala kang basura sa parehong kamay at nadulas ka sa hagdanan at nahulog.
Pwede ring naglilinis ka ng bintana tapos nawala ang balanse mo sa hagdang-tiklupin, at bumagsak ka.
Nakakatakot!
カチッ……
Ngayon,
ガーッ
おおっ
ang aktwal na lugar ng trabaho
ジジ…
1
ang tingnan natin!


# Halimbawa 1





Isang gusali ng opisina....
Ngayong araw ang araw ng regular na paglilinis.
Gamitin mo yung polisher at tanggalin ang wax.
Opo!
May show ang paboritong banda ko mamayang gabi!
Dapat tapusin ko ang trabaho nang maaga!
Naihanda ko na rin ang kemikal na pangtanggal at nailagay ko na ang pad.
Kailangan kong bilisan!
Ayos na siguro ito.





Mag-uumpisa na ako!
REMOVER
Hala, tumigil?
Mali kaya ang ang pagkakalagay ko?
Mag-uumpisa na ang show!
Ang hirap naman nito. Pwede ko naman siguro tong direktang hawakan?
Wala na akong oras!



Okey lang.
Maghuhugas na lang ako ng kamay pagkatapos.
Okey! Tapos na!
Kailangan ko talaga matapos kaagad.
Tapos diretso na ako sa show.
ズルッ
Ha?
Hindi pa tuyo ang sahig...
Ay!



ガシャァン
ARAY!!!
Anong nangyari!?
May narinig akong malakas na ingay...
Bumagsak ka?!
Okey ka…


AYYY!!
ビタアン
Ate!
Aray....
Sorry, hindi pa tuyo ang sahig. Okey ka lang?
Oo, salamat. Teka lang...
Hindi ka nag-guwantes!!
Tapos hinawakan mo yung kemikal ng kamay mo lang!?
Opo, nagmamadali po kasi...


REMOVER
Kapag hinawakan mo yung kemikal na wala kang suot na guwantes
Pwedeng mamaga ang balat mo!?
Kailangang ulitin ang training mo mula sa umpisa!
Hindi pwede! Ito ang pagkakataon mong mas gumaling sa trabaho mo.
Pero mayroon akong gagawin...
Sa dakong huli, pinag-aral ako ulit tungkol sa paglilinis mula umpisa, at hindi ko naabutan ang banda.
Ang galing
良かったわー
サイコー
Sobrang galing nila!
"Kapag namamadali, lalong dapat mag-ingat."
Naranasan ko mismo na walang mapapalang mabuti sa pagmamadali.


# Halimbawa 2



Sa banyo ng isang pangkalakal na pasilidad...
Makapagsimula na nga.
Lilinisin ko ang bawat sulok!
Pagkatapos ng 30 minuto..
Okey! Lalampasuhin ko na lang ang sahig at tapos na ako...
Ang mahirap linisin ay ang paligid ng palikuran sa bawat cubicle.
Kapag hindi ko nilinis nang maigi, maiipon ang dumi.


Ay...
Naipon ang alikabok doon.
Kailangan kong punasan.
アレ
"Yun"
Sa totoo lang, dapat kong gamitin "yun" para dito pero...
Nakakapagod kung hahanapin at dadalhin ko pa dito...
Alam ko na! Gagawin kong tuntungan na lang ang palikuran!


Okey...
Ayos!
ホッ
Hmmm...
Malinis na kaya?
Pakiramdam ko may dumi pa rin...
Kaunti na lang...
Ay, hala!


AYYYY!!
Ang sakit! Ang saklap naman.
Pero... madumi rin doon.
Linisin ko habang andito...
カッ
カッ


ズ!!
ル
ーッ
Ayyyyy!
Hala! Bakit may tao...
清掃中
足元にご注意!
Ay, oo nga pala!
Nakalimutan kong ilagay yung "Naglilinis" na karatula!
Okey po kayo?
Pero kailangan ko muna syang tulungan.
ガ!!
ンッ
ARAAYY!!


Ay, anong nangyari sa inyo!?
!?
Sa umpisa pa lang, alam mo na hindi ka dapat tumuntong sa palikuran!
Dapat sundin mo ang patakaran.
At dapat inilabas mo yung "Naglilinis" na karatula bago ka nag-umpisa.
あ、清掃中だ
清掃中
足元にご注意!
Kung ginawa mo yun, pati ang mga taga-opisina ay mag-iingat sa paglakad.
こっちこそすいません
Ako dapat ang humingi ng paumanhin
Walang nangyari ngayon pero kung may nasugatan o nabalian, magiging malaking problema yun!
"Ang ibig sabihin ng patakaran ay kailangang gawin."
Mula noon hindi na siya tinamad at palagi na nyang sinusunod ang patakaran.

# Halimbawa 3



Magkasama tayong magsikap ngayong araw!
Sa kwarto ng panauhin ng isang hotel...
Inaasahan ko po ang tulong ninyo!
Beterano ako kaya kahit ano pwede mong tanungin mo sa akin!
Unang-una, dito tayo sa pagpulot ng basura.
Napanood mo yun laban ng soccer kagabi? Ang galing, di ba?
Ang exciting nga! Sana World Cup na.
Isang beses kada 4 na taon lang kaya talagang hinihintay.
Aray–




Parang may tumusok sa akin. Karayom kaya?
Okey po kayo?
Oo. Mukhang okey naman.
Ikaw na ang bahala dito sa kwarto. Doon ako sa banyo. Grabe ng halumigmig.
Kailangan kong punasan ang tubig sa kisame. Kung hindi, pagsisimulan yun ng amag.
Ay! Nakalimutan ko yung panglampaso para sa kisame!
Wala na kong magagawa. Tutuntungan ko na lang ang bathtub.
Palagay ko okey lang ito.


Ayan, napunasan ko na…
Ay!
Muntik na!
Kung nahulog ako grabeng aksidente yun.
Natapos ko na ang banyo.
Ang galing nyo po.
!?



Okey ba po kayo?
Ano?
May dugo sa damit ninyo!
Ah, eto?
Bibilisan ko tapusin ang kama.
Tapos punta tayo sa ospital!
Sabi na nga ba, may tumusok nga yata talaga sa akin kanina.
Ngayon na napansin ko na, unti-unting sumasakit...



Ayyyyy!
Mag-ingat po kayo!
Nasubsob tuloy ang paa ko.
Anong nangyari?
May nasugatan!
May nangyari?
何があった!?
Okey ka lang ba?
大丈夫ですか!?
総合病院
Okey lang ang sugat sa daliri ko.





May marka na parang karayom ang nakatusok sa iyo.
Para makasigurado tayo, ipa-blood test natin ang dugo mo.
画鋲
Tamtak
Panturok ng insulin
インスリン注射器
ガラスの破片
Bubog
Sa umpisa pa lang, hindi dapat hawakan ang basura nang walang suot na guwantes. Hindi natin alam kung ano ang tinatapon nila.
Posible rin na may ginamit na ibang uri pa ng panturok.
At saka, kapag sobrang dami ng usapan
Nawawala ang konsetrasyon natin sa trabaho.
Dapat din natin sundin ang patakaran tungkol sa paglilinis ng matataas na lugar gamit ng panglampaso.
Opo...
"Ang pinaka-delikado talaga ay ang panahon na sanay na tayo sa trabaho."
Yun ang naukit sa kanyang alaala dahil sa nangyari.






## Mga punto na dapat ingatan sa paglilinis ng gusali

### 1 Pagtatrabaho sa matataas na lugar



Kung may dumi sa matataas na lugar, huwag umakyat sa mabuway na tuntungan. Sundin ang mga patakaran at gamitin ang itinakdang paraan ng paglilinis.

### 2 Paglalagay ng "Kasalukuyang Nililinis" na karatula





Upang maiwasan ang pagpasok o pagdaan ng ibang tao habang kayo ay nagtatrabaho, maglagay ng karatulang nagsasabing "Kasalukuyang Nililinis".

### 3 Pagtatrabaho sa masisikip na lugar




Mag-ingat sa mga masisikip na lugar, katulad ng sa likod ng palikuran, dahil maaaring mauntog ang inyong ulo o tumama ang inyong katawan.

### 4 Pagsusuot ng guwantes



Maaring mamantal o kumati ang inyong kamay kapag natalsikan ng kemikal kaya magsuot ng guwantes tuwing gagamit ng kemikal.





**Alamin sa mga drowing at imahe**


Alamin natin ang natatagong panganib sa lugar ng trabaho!

# Pagsasanay sa Pag-iwas sa Panganib
## (Kiken Yochi Training: KYT)


**Q** **Subukan natin isipin kung saan at alin ang mapanganib!**




**A** **Ito ang mga mahalagang punto tungkol sa panganib!**





1. Huwag tumuntong sa lababo.



2. Huwag iwanan at pabayaan ang mga kagamitang panglinis.



3. Ilagay ang karatulang nagsasabing “Naglilinis” sa malapit sa lagusan.




**Pag-isipan natin kung mayroon pa bang ibang mahalagang punto tungkol sa panganib.**

Alamin Mula sa Komiks

# Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Paglilinis ng Gusali

Inilathala Marso 2020

Naglimbag: Ministry of Health, Labour and Welfare
(Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan)

Nagplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.
Nangasiwa: Kumite sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan at Kalinisan sa Lugar ng Trabaho
Grupo sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan sa Mundo ng Paglilinis ng Gusali
Lumikha: Sideranch Inc.

厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

Para sa katanungan tungkol sa mga materyales:

Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan, Kawanihan ng Pamantayan sa Paggawa, Departamento ng Kaligtasan